# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**



# MODYUL 19

# Cold War

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 19
## COLD WAR

Natatandaan mo pa ba ang modyul mo tungkol sa ikalawang Digmaang Pandaigdig? Nang matapos ang digmaan, nagsumikap ang bawat bansa na maiangat ang kani-kanilang kabuhayan at lugmok na kalagayan. Isinulong din ang kapayapaan upang maiwasan ang isa pang digmaang pandaigdig. Pinangunahan ng dalawang makapangyarihang bansa, Estados Unidos at Unyong Sobyet, ang pagbabago. Gayunpaman, hindi naging mabuti ang ugnayan ng mga tinawag na superpower. Lalo pa itong umigting at nauwi sa Cold War.

Sa modyul na ito, pag-aaralan natin kung ano ang Cold War at mga ideolohiya nito. Sisikaping sagutin ng modyul ang mga tanong na ito: Ano ang Cold War? Anu-ano ang mga pangyayaring naganap sa panahon ng Cold War? Anu-anong mga bansa ang sumailalim sa impluwensya ng Estados Unidos at Unyong Sobyet? Ano ang epekto ng Cold War sa kalagayan ng mga bansa? Paano nagwakas ang Cold War?

May apat na araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Cold War at Sanhi ng Pagkakaroon Nito
- Aralin 2: Mga Bansang Kasangkot sa Cold War
- Aralin 3: Epekto ng Cold War sa Kalagayan ng mga Bansa
- Aralin 4: Pangyayaring Nagpawalang-saysay at Nagwakas sa Cold War

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan ng Cold War at sanhi ng pagkakaroon nito;
2. Maiisa-isa ang mga bansang nasa ilalim ng impluwensya ng Russia at Amerika;
3. Matatalakay ang mga pangyayaring naganap sa panahon ng Cold War;
4. Maiisa-isa ang naging epekto ng kolonyalismo at imperyalismo; at
5. Mapapahalagahan ang mga pangyayari at aksyon upang wakasan ang Cold War.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Handa ka na bang suriin kung mayroon kang mga kaalaman sa paksa natin sa modyul? Subukan mong sagutin ang mga tanong. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang napiling sagot sa patlang sa kaliwa.

| |
|---|
| Cold War, Stalin, Roosevelt, SALT I, Watergate Scandal, Détente, Peristroika,<br>Glastnost, Demokratizatsiya, $38^{th}$ parallel, $17^{th}$ parallel,<br>Taiwan, Mao Tse Tung, Supersonic, Apollo 11 |

________1. Kauna-unahang misyon sa kalawakan na nakapagdala ng unang tao sa buwan.

________2. Paraan ng paghahati sa Korea.

________3. Pinuno ng USSR nang magkaroon ng Cold War.

________4. Isyung kinasangkutan ni Pangulong Nixon at naging dahilan ng kanyang pagbitiw sa tungkulan.

________5. Dating Formosa at bahagi ng kalakalang Tsina na pinamumunuan ni Dr. Sun Yat Sen.

________6. Paraan ng pagkakahati sa Vietnam.

________7. Tawag sa pagbabawas ng tensyon.

________8. Nangangahulugang muling pagsasaayos ng ekonomiya ng Russia.

________9. Pinuno ng kalakalang Tsina at nagtatag ng Komunismo sa bansa.

________10. Nangangahulugan ng Openess ng Russia sa mga mamamayan.

________11. Kauna-unahang spaceship na nakalibot sa kalawakan ng daigdig.

________12. Alitan sa pagitan ng dalawang bansa na hindi ginagamitan ng armas.

________13. Pangulo ng Amerika nang magsimula ang Cold War.

________14. Kasunduang nilagdaan nina Nixon at Brezner na bawasan ang panganib ng pagkakaroon ng digmaang nukleyar.

________15. Nagbigay ng karapatan sa mga Russian na bumoto at pumili ng kanilang pinuno.

**ARALIN 1**

**COLD WAR AT SANHI NG PAGKAKAROON NITO**

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsumikap ang bawat bansa na maiangat ang kanilang kabuhayan. Isinulong din ang kapayapaan upang maiwasan ang isa pang digmaang pandaigdig. Bakit nauwi ito sa Cold War? Sa araling ito, susuriin natin kung ano ang Cold War at sanhi ng pagkakaroon nito

Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masasabi ang kahulugan ng Cold War; at
2. Maibibigay ang mga sanhi ng pagkakaroon ng Cold War.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Alin sa palagay mo ang maaaring ilarawan sa Cold War? Bakit mo napili ang mga iyan?

- Alitan ng mga bansa na hindi ginagamitan ng armas
- Tunggalian ng kapangyarihan at ideolohiya ng bawat bansa
- Matinding kompetensya ng mga bansa
- Pagkakagalit ng walang kibuan ng mga bansa

## Ang Pananaw sa Cold War

Ang bansang Estados Unidos at Unyong Sobyet ang naging makapangyarihang bansa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Hindi naging mabuti ang ugnayan ng mga bansang ito na tinatawag na superpower. Ito ay nauwi sa Cold War.

Ang Cold War ay bunga ng matinding kompatensya na naganap sa pagitan ng mga bansa noong 1940 hanggang 1990. Hindi lamang tunggalian ng kapangyarihan kundi ideolohiya ang kinatawan ng bawat bansa. Ang Estados Unidos ang nagtaguyod ng demokrasya at kapitalismo samantalang ang Unyong Sobyet ay kumatawan sa sosyalismo at komunismo.

Malaki ang papel sa muling pag-aayos ng daigdig ng Estados Unidos bilang pinakamalakas na kapangyarihang kapitalista. Upang mapigil nito ang paglaganap ng sosyalismo at komunismo ng USSR, gumawa ito ng iba't ibang hakbang.

Sa pamamagitan ng Marshall Plan, tiniyak ng Estados Unidos ang pagbangon ng kanlurang Europa bilang kapanalig sa kanluran. Sa silangan, tiniyak din nito ang pagbangon ng Hapon sa pamamahala ni Heneral Douglas MacArthur.

## Mga Tunay na Sanhi

Ang Estados Unidos at Unyong Sobyet ay magkakampi at kasama sa mga bansang nagtatag ng "Nagkakaisang mga Bansa". Dumating ang pagkakataon na sila'y nagkaroon ng Cold War o tunggaliang hindi tuwirang labanan kundi magkaribal na militar at pagkawala ng tiwala sa isa't isa.


May mga pangyayaring namagitan sa kanila na lumikha ng tension dahil sa paglalaban ng ideolohiyang kanilang pinaniniwalaan. Ang Estados Unidos ang pangunahing bansang demokratiko, samantalang ang Unyong Sobyet ay komunista. Ang kanilang sistemang pulitikal ay nakaapekto sa maraming bansa.

Upang mapanatili ng Unyong Sobyet ang kapangyarihan sa Silangang Europa, pinutol nito ang pakikipag-ugnayan sa mga kanluraning bansa. Naputol ang kalakalan, limitado ang paglalakbay, bawal ang pahayagan, magasin, aklat, at programa sa radio.

Ito ay tinagurian ni Winston Churchill na Iron Curtain o pampulitikang paghahati sa pagitan ng Soviet Bloc at taga-Kanluran. Lalo pang umigting ang di pagkakaunawaan dahil sa hindi pagkakaroon ng bukas na kalakalan ng mga ito.

Noong 1945, hiniling ni Stalin na magtayo ng base military sa bahagi ng Black Sea at Aegean. Bahagi ito ng pagpapalawak ng Unyong Sobyet.

Bilang pagtugon sa isinasagawang pagpapalawak ng Unyong Sobyet, nagpalabas noong 1947 ng isang patakaran si Harry S. Truman, pangulo ng Estados Unidos, ng Truman Doctrine. Layunin nito ang pagpapadala ng hukbong Amerikano sa Gresya at Turkey upang hadlangan ang pagpapalaganap ng Komunismo.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Makipag-usap sa inyong lolo at lola at ilang matatanda na buhay na noong mga taong 1940 at ipakwento ang tungkol sa Iron Curtain, Truman Doctrine, at Marshall Plan Kontra Comecon. Sino sa dalawang may superpower na bansa ang may magandang ideolohiya?



**Tandaan Mo!**

- Ang Cold War ay labanan ng ideolohiya, kapangyarihan at alitan ng dalawang bansa na hindi ginagamitan ng puwersa o armas.
- Ang hindi pagsunod sa kasunduan, pagyakap sa sariling ideolohiya, kawalan ng respeto at tagisan ng kapangyarihan ng mga bansa ang dahilan ng pagkakaroon ng Cold War.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ipagpalagay mo na nabuhay ka na noong panahon ng Cold War. Kaninong ideolohiya ang itataguyod mo? Demokrasya at Kapitalismo ng Amerikano o Sosyalismo at Komunismo ng Unyong Sobyet? Pangatwiranan mo.


**ARALIN 2**

**MGA BANSANG KASANGKOT SA COLD WAR**



Dalawang bansa ang naging makapangyarihan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ito ay ang Estados Unidos at Unyong Sobyet. Ang mga pangunahing kaalyansa ng Estados Unidos noong panahon ng Cold War ay ang Britanya, Pransya, Kanlurang Alemanya, Hapon, at Canada. Ang Unyong Sobyet naman ay ang mga bansa sa bahagi ng Silangang Europa tulad ng Bulgaria, Czechoslovakia, Hungary, Poland, Silangang Alemanya, at Romania. Ang Cuba at Tsina ay nasa kampo ng sosyalismo.

Sa modyul na ito, pagtutuunan ng pansin ang mga bansang maka-demokrasya at mga bansang maka-komunismo. Nakatulong kaya sa mga bansa ang kanilang mga ideolohiya?




Pagkatapos mong mapag-aralan ang nilalaman ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maiisa-isa ang mga bansang nasa ilalim ng impluwensya ng Amerika at Russia;
2. Masusuri ang mga bansang nahati sa dalawang ideolohiya; at
3. Masasabi ang mga kaganapan sa bawat bansa.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin ang larawan. Ano ang nais ipahiwatig ng larawang ito?




**Mga Bansang Nasa Ilalim ng Impluwensya ng Amerika at Russia**

Pagkatapos mapasailalim sa impluwensya ng demokrasya at komunismo ang mga bansa ay nanatiling tapat sa kanilang paniniwala.

Hindi natapos sa Silangan at Kanlurang Germany ang tunggalian ng dalawang bansa. Napunta ang tagisan nila ng galing sa mga bansa sa Asya na nahati rin dahil sa kanilang mga ideolohiya. Halimbawa nito ay Korea. Ang mga Ruso ang namahala sa

mga nakatalaga sa hilaga 38° latitud (38$^{th}$ parallel) sa Korea samantalang ang mga Amerikano naman ang nasa timog. Bago pa man nahati ang Korea, napagkasunduan na ng Estados Unidos at Unyong Sobyet na gawin nilang isang malayang bansa ang Korea at bigyan ito ng malayang halalan upang makapagtatag ng isang sentral na pamahalaan. Ngunit ang kasunduang ito ay hindi sinunod ng mga Ruso at sa halip, nagtayo pa sila ng komunistang pamahalaan sa Hilagang Korea.

Ang Vietnam ay nahati sa Hilaga (17$^{th}$ parallel) sa pamumuno ng mga Ruso at ang Timog sa pamumuno ng mga Amerikano.

Ang Tsina ay nahati rin sa dalawa. Ang isa ay sa pamumuno ni Dr. Sun Yat Sen at ang isa ay sa pamumuno ni Mao Zedong.


**Mga Kaganapan sa Bawat Bansa**

Ang Kanlurang bahagi ng Alemanya ay sumailalim sa pinagsanib na kapangyarihan ng Pransya, Gran Britanya, at Estados Unidos sa tinawag na pamamahala ng “Federal Republic of Germany”. Ginamit nito ang parliyamentaryong uri ng pamahalaan. Ang Silangang Alemanya naman ay sumailalim sa komunismong pamumuno ng Unyong Sobyet na kinilala bilang “German Democratic Republic”.

Laban sa nakibakang Tsino sa pamumuno ni Mao, sinuportahan ng Estados Unidos ang pamahalaang Chiang-Kai-Shek. Ganoon din ang Vietnam, Cambodia, at Laos.

Sa Timog-Kanluran at Timog Asya, sinikap nitong magkaroon ng maiinit na ugnayan sa Turkey, Iran, at India.

Malakas ang suportang ibinigay ng USSR sa mga pamahalaang sosyalista sa Silangang Europa, Mongolia, at Hilagang Korea. Ganoon din sa Asya, Aprika, at Latin Amerika.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Ngayong nabasa mo ang mga bansang kasangkot sa Cold War, buuin ang mga titik upang makabuo ng pangalan ng bansa. Kulayan ng pula ang dalawang bansang pangunahing sangkot sa Cold War.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | P | | A | | I | | L | |
| I | | I | | P | | S | | N |

1. ____________

| | | |
|---|---|---|
| R | U | I |
| S | A | S |

2. __________

| | | | |
|---|---|---|---|
| A | | R | M |
| | I | C | |
| A | | | E |

3. ___________

| | | | |
|---|---|---|---|
| U | | | P |
| | E | R | |

4. ______________

| | | |
|---|---|---|
| C | | E |
| | H | |
| L | | I |

5. ________________



**Tandaan Mo!**

- Ang bansang Estados Unidos at Unyong Sobyet ang mga bansang tinatawag na superpower. Bawat isa ay may mga kaalyansang bansa.
- Ang Kanlurang Alemanya, Britanya, Pransya, Hapon at Canada ang kaanib ng Estados Unidos. Ang Unyong Sobyet naman ay Silangang Europa tulad ng Bulgaria, Czechoslovakia, Hungary, Poland, Silangang Alemanya, at Romania. Ang Tsina at Cuba naman ay nasa kampo ng Sosyalismo.
- Nahati ang Alemanya sa Silangan at Kanluran; Korea sa Hilaga at Timog; Tsina at Vietnam ayon sa sistemang pulitikal.



**Gawain 3: Paglalapat**

Magtanong sa iyong lolo o lola at ipakwento ang kaalaman tungkol sa Unyong Sobyet at Amerika.


.

**ARALIN 3**

**EPEKTO NG COLD WAR SA KALAGAYAN NG MGA BANSA**



Bagamat may layunin ang dalawang bansa na tinatawag na "superpower", ang Cold War ay nagkaroon ng iba't ibang epekto sa kalagayan ng mga bansa. Dito sa modyul ay malalaman mo ang mabuti at di-mabuting epekto nito sa mga bansa.



Inaasahang pagkatapos ng aralin ay magagawa mo ang sumusunod:

1. Matutukoy ang mga kompetisyon sa kalawakan ng USSR at USA;
2. Maiisa-isa ang mga naging mabuting epekto ng Cold War; at
3. Masasabi ang mga di-mabuting epekto ng Cold War.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Subukan mo kung masasagot mo ang mga sumusunod na tanong na may kaugnayan sa araling ito. Sagutin ng **oo** o **hindi**.

_______ 1. Ang kasunduang naglimita ng panganib ng pagkakaroon ng digmaang nukleyar ba ay mabuti?

_______ 2. Ang Glastnost ba ay nakatulong sa mga bansa sa pagiging matapat sa isa't isa?

_______ 3. Nakatulong ba ang Peaceful Coexistence sa mga Kanluranin?

______ 4. Si Mickail Gorbachev ba ang nagpatupad ng patakarang demokratizasiya?
______ 5. Naging masama ba ang epekto ng iba't ibang imbensiyon sa mga bansa?

**Kompetisyon sa Kalawakan ng USSR at USA**

Naunahan ng USSR ang USA sa pagpapadala ng sasakyang pangkalawakan. Binuksan ng paglipad ng Sputnik I noong Oktubre 1957 ang Panahon ng Kalawakan (Space Age). Una ring nagpadala ng tao sa kalawakan ang USSR. Si Yuri Gagarin ang unang cosmonaut na lumigid sa mundo, sakay ng Vostok I noong 1961.

Naabutan at nahigitan pa ng USA ang USSR nang nakaikot sa mundo nang tatlong beses noong 1962 si John Glenn Jr. sa sasakyang Friendship 7.

Ang Estados Unidos ay hindi nagpahuli sa mga imbensyon. Ipinadala nito si Allan B. Shepard Jr. ang kauna-unahang Amerikanong astronaut na nakarating sa kalawakan. Sinundan pa ng matagumpay na misyon noong Hulyo 20, 1969 nang unang makatapak sa buwan ang mga Amerikanong astronauts na sina Michael Collins, Neil Armstrong, at Edwin Aldrin.

Naunahan din ng USA ang USSR sa paggamit ng puwersang atomika. Nakagawa ito ng unang submarino na pinatatakbo ng puwersang nukleyar, ang USS Nautilus. Hindi lamang sa gamit pandigma ginagamit ng USA ang lakas atomika kundi pati sa panahon ng kapayapaan. Ginagamit ito sa medisina, agrikultura, transportasyon, at komunikasyon. Noong ika-10 ng Hulyo, 1962, pinalipad sa kalawakan ang Telstar, isang pang-komunikasyong satellite. Nagulat ang buong mundo sa nagawang ito ng USA. Sa pamamagitan nito, maaari nang makatanggap ng tawag sa telepono at makakita ng palabas sa telebisyon mula sa ibang bansa.

**Mabuting Epekto ng Cold War**

Ang Estados Unidos at Unyong Sobyet ay nagpasikat sa pagpapalaganap ng kanilang ideolohiya. Bukod sa larangan ng militar, tiniyak din ng Estados Unidos na

maayos ang takbo ng ekonomiya ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Binuo ang International Monetary Fund (IMF) upang ayusin ang daloy ng malayang kalakalan sa mundo. Kasabay ring inayos ang International Bank for Rehabilitation and Reconstruction (IBRR) o World Bank upang tumulong sa gawaing rehabilitasyon at rekonstruksyon.

Pagkamatay ni Stalin ng USSR, hiniling ni Khrushchev ang Peaceful Co-existence o Mapayapang Pakikipamuhay sa halip na pakikipaglaban sa digmaan.

Isinulong ni Mikhail Gorbachev ang glasnost o pagiging bukas ng pamunuan sa pamayanan at perestroika o pagbabago ng pangangasiwa sa ekonomiya.

Nagkasundo sina Gorbachev ng Unyong Sobyet at Ronald Reagan ng Amerika na tapusin na ang Arms Race upang maituon ang badyet sa ekonomiya.

Maraming imbensiyon ang naisagawa ng dalawang panig. Ang pagpapalipad ng Sputnik I ng USSR, Vostok I, sakay si Yuri Gagarin, unang cosmonaut na lumigid sa mundo.

Ang USA naman ang nagpalipad ng Friendship 7, Apollo 11, at mga puwersang nukleyar na hindi lang ginamit sa digmaan kundi sa medisina at komunikasyon satellite.


**Mga Di-Mabuting Epekto ng Cold War**

Dahil sa Cold War, umigting ang di pagkakaunawaan sa pampulitika, pang-militar, at kalakalan ng mga bansa.

Bumaba ang moral ng mga manggagawa ng Unyong Sobyet na nagdulot ng malaking suliraning pang-ekonomiya.

Dahil sa matinding sigalot dahil sa Cold War, pilit iginigiit ng dalawang puwersa ang kanilang pamamalakad kaya't nawalan ng tunay na pagkakaisa.

May banta ng digmaan nang magkaroon ng mga samahang pansandatahan tulad ng North Atlantic Treaty Organization (NATO), WARSAW Treaty Organization o Warsaw Pact, at ikatlong pwersa o kilusang nonaligned.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Anu-ano ang mabuti at di mabuting epekto ng Cold War? Isulat ang **M** sa patlang kung mabuti at **DM** kung di-mabuti:

1. Nagkaroon ng iba't ibang imbensyon
2. Walang tunay na kapayapaan
3. May banta ng digmaan
4. Pagtuon ng pansin sa ekonomiya
5. Kawalan ng pagkakaisa



**Tandaan Mo!**

- Marami ang naghirap at nagkimkim ng sama ng loob dahil sa hindi pagkakaisa ng dalawang superpowers. Walang magawa ang mga bansang kaanib kundi sumunod sa ideolohiya ng namumunong bansa.

May naging mabuti at di mabuting epekto ang Cold War sa mga bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**


Sumulat nang naibigan mong epekto ng Cold War. Ipaliwanag kung bakit naibigan mo ito.

**ARALIN 4**

**PANGYAYARING NAGPAWALANG-SAYSAY AT NAGWAKAS SA COLD WAR**



Nang lumala ang sitwasyon ng ekonomiya sa pamahalaang Sobyet humina ang loob ng mga bansang komunista. Nagkasundo na rin sina Gorbachev at Reagan na tapusin na ang Arms Race. Sa araling ito, susuriin natin kung anu-ano ang mga pangyayaring nagpawalang-saysay sa Cold War. Anu-ano ang mga dahilan ng pagwawakas ng Cold War?



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga pangyayari sa daigdig na nagpawalang-saysay sa Cold War; at
2. Mapapahalagahan ang mga aksyon upang wakasan ang Cold War.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Anu-ano sa palagay mo ang mga pangyayari na nagpawalang-saysay sa Cold War? Lagyan ng (√) o (x) ang patlang.

______ 1. pagtakda ng Peaceful Co-existence o Mapayapang Pamumuhay
______ 2. pag-alis ng tropang Amerikano sa Vietnam
______ 3. paghanda ng kagamitang pandigma na gagamitan ng lakas nukleyar
______ 4. pagsasaayos ng ekonomiya ng mga bansa
______ 5. pagkawala ng kontrol ng Soviet Communist Party sa pamahalaan

**Mga Pangyayaring Nagbigay-daan sa Pagwawakas ng Cold War**

Tunghayan ang timeline sa ibaba na nagpapakita ng mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagpapawalang-saysay o pagwawakas ng Cold War:

1953 – Namatay si Marshal Joseph Stalin ng Soviet Union.
Pinalitan siya ni Nikita Khrushchev na nagtakda ng mga bagong patakaran. Ito ay ang Peaceful Coexistence sa mga Kanluranin.

1969 – Naging pangulo ng United States si Richard Nixon.
Pinaunlad niya ang relasyon ng US sa USSR sa pamamagitan ng Détente o pagpapaluwag ng tensyon.
Inalis ang tropang Amerikano sa Vietnam.
Dinalaw ang China at USSR.

1972 - Nilagdaan ang SALT o Strategic Arms Limitation Treaty. Kasamang lumagda si Leonid Breznev.
*Nakapagbigay ito ng malaking pag-asa na malimitahan na ang panganib ng pagkakaroon ng digmaang nukleyar.

1974 - Nagbitiw sa tungkulin si Richard Nixon dahil sa Watergate Scandal.
*Nagkaroon uli ng tensyon sa pagitan ng dalawang bansa.

1985 - Naging pangulo ng Russia si Mikhail Gorbachev. Ipinatupad niya ang mga bagong patakaran sa Russia tulad ng:

- Glastnost o openness, pagiging transparent ng pamahalaan
- Perestroika o muling pagsasaayos ng ekonomiya
- Democratizasiya o democratization, pagboto ng mga mamamayan ng kanilang pinuno


Panghuling termino na ni Reagan sa Amerika.

1987 - Nilagdaan nina Gorbachev at Reagan ang Intermediate Range Nuclear Forces (INF) sa Wahington D.C.
Ito ang kauna-unahang kasunduan sa kasaysayan na nag-alis ng lahat ng uri ng armas nukleyar.

1989 - Binuwag ang Berlin Wall.

1990 - Pinagsanib ang Silangan at Kanlurang Germany noong buwan ng Oktubre.
*Nobyembre 1990 – Nilagdaan ang “Charter of Paris for a New Europe” na may 34 estado. Sila ang kumakatawan sa Silangan at Kanlurang Europe. Ito na rin ang naging hudyat ng pagwawakas ng Cold War.

1991 - Nawalan ng control ang Soviet Communist Party sa pamahalaan na naging dahilan ng pagkabuwag ng Unyong Sobyet.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Anu-ano ang mga pangyayaring nagpawalang-saysay sa Cold War? Isulat ang titik ng mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod.

A. pagkamatay ni Marshal Joseph Stalin
B. pagpatupad ng Glastnost ni Gorbachev
C. pagkasangkot ni Richard Nixon sa “Watergate Scandal”
D. pagbuwag sa Berlin Wall
E. paglagda sa “Charter of Paris”



**Tandaan Mo!**

- Marami ang nag-alala sa Cold War dahil sa pag-iisip na magkakaroon uli ng digmaang pandaigdig na gagamitan ng higit na mapanganib at mapamuksang armas nukleyar. Sa pagwawakas ng Cold War, naituon ang pansin sa pagpapabuti ng ekonomiya at ang pagkakaroon ng kasunduang pag-alis ng lahat ng uri ng armas nukleyar.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sumulat ng iyong pananaw tungkol sa INF o kasunduan na nag-aalis ng lahat ng uri ng armas nukleyar. Maaari mong hingiin ang opinyon ng mga guro at mga magulang tungkol sa armas nukleyar.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

Panuto: Pag-ugnayin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang titik ng wastong sagot.

| | |
|---|---|
| 1. Bagong patakaran ng pakikitungo sa mga Kanluranin | A. Berlin |
| 2. Salitang ang kahulugan ay “openess” | B. Richard Nixon |
| 3. Pumalit sa pamumuno ni Stalin | K. Nikita Khrushchev |
| 4. Pangulo ng Amerika na nagpaunlad ng relasyon ng US at USSR | D. Glastnost |
| 5. Lugar sa Germany kung saan itinatag ang pader na naghati sa Silangan at Kanluran | E. Peaceful Coexistence |
| 6. Kasunduang naglimita ng panganib ng pagkakaroon ng digmaang nukleyar | G. Détente |
| 7. Pangulo ng USSR sa panahon ng kainitan ng Cold War | H. Mikhail |
| 8. Si ________ Breznev ang isa sa lumagda ng Strategic Arms Limitation Treaty | I. Leonid |
| 9. Si ________ Gorbachev ang nagpatupad ng patakarang Demokratizasiya | L. Joseph Stalin |
| 10. Ipinatupad noong 1969 na nakapagpaluwag ng tensyon sa pagitan ng US at USSR | M. SALT |




## GABAY SA PAGWAWASTO:

Panimulang Pagsusulit

1. Apollo 11
2. 38th parallel
3. Stalin
4. Watergate Scandal
5. Taiwan
6. 17th parallel
7. Détente
8. Perestroika
9. Mao Tse Tung
10. Glastnost
11. Supersonic
12. Cold War
13. Roosevelt
14. SALT I
15. Demokratizatsiya

Pangwakas na Pagsusulit

1. E
2. D
3. K
4. B
5. A
6. M
7. L
8. I
9. H
10. G